



801 S. Fidalgo St., Suite 100  
Seattle, WA 98108

Kumusta Tukwila!

**Bagong Panghakot ng Basura**  
Mga Bagong Serbisyo sa Pagresiklo,  
Paggawa ng Pataba, at Pagbasura  
**Recology.com/Tukwila**



## **BAGO! Simula Nobyembre 1, 2023** Mga Serbisyo sa Komersyal at Maramihang pamilya na Pagresiklo, Basurang-Pagkain at Basurang-Bakuran, at Pagbasura mula sa Recology sa Lungsod ng Tukwila

**I-save ang Gabay na ito**



## Mga negosyo, apartment, at condominium sa Tukwila

Simula sa Nobyembre 1, 2023, ang Recology ang magiging bagong tagahakot mo ng naresiklo, basurang-pagkain at basurang-bakuran, at basura. Ang Lungsod ng Tukwila at Recology ay nakatuon sa isang maayos na paglipat. Ang lokal na serbisyo sa kostumer at pangkat ng mga operasyon ng Recology ay handang tumulong sa iyo at magbigay ng de-kalidad na serbisyo.

**Pakitawagan ang iyong sentro sa serbisyo sa kostumer bago ang Nobyembre 1 sa 206.994.3900 o bisitahin ang Recology.com/Tukwila** upang mai-set up ang iyong account at maberipika ang iyong impormasyon. Narito ang maaari mong asahan sa panahon ng paglipat na ito:

- **Kagamitan (basurahang kariton/dumpster/roll off/compactor) at mga etiketa**  
Mapapanatili mo ang iyong kasalukuyang kagamitan. Mananatiling pareho ang mga kulay para sa bawat uri ng materyales. Simula sa Setyembre, lalagyan muli ng etiketa ng mga tauhan ng Recology ang iyong mga basurahan, basurahang kariton, o roll off na lalagyan.

- **Mga materyales na tinanggap**  
Suriin ang aming mga listahan sa pagresiklo at pag-uuri ng basurang-pagkain at basurang-bakuran sa bagong etiketa ng iyong etiketa at sa online sa maraming wika. I-print ang mga gabay na ito para mai-post para sa mga empleyado o residente: [recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/](https://recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/)

- **Mga presyo**  
Mananatiling libre ang pagresiklo bilang bahagi ng iyong serbisyo sa basura. Ang serbisyo ng basura para sa basurang-pagkain at basurang-bakuran para sa pangongolekta ng tira-tirang pagkain ay magiging available nang libre sa unang taon kapag nag-sign up ka na maging bagong kostumer para sa basura-pagkain at basurang-bakuran. Ang kasalukuyang basura at mga basura sa pagkain at bakuran ay tataas dahil sa tumataas na halaga ng mga trak, gasolina, paggawa, at iba pang mga kadahilanan. Tataas na ang mga presyo sa anumang bagong kontrata sa paghakot, at ngayon ay aayon sa ibang mga komunidad ng King County.

Ang impormasyon sa presyo ay ipapadala sa lahat ng address sa Setyembre, o maaari mong tingnan ang mga presyo sa [Recology.com/Tukwila](https://Recology.com/Tukwila).

- **Mga bagong benepisyo sa Nobyembre**  
Nakasama ang isang listahan ng mga bagong benepisyo sa gabay na ito.

- **Pagsingil**  
Matatanggap mo ang iyong unang singil mula sa Recology sa Disyembre. Magagawa mong magbayad ng mga singil online sa [recology.com/bill-pay/](https://recology.com/bill-pay/)

- **May mga tanong? May mga pagbabago sa serbisyo?**  
Tawagan ang sentro ng serbisyo ng Recology sa 206.994.3900 o bisitahin ang [Recology.com/Tukwila](https://Recology.com/Tukwila).



**En Español visitar:**

**[Recology.com/Tukwilaoutreach](https://Recology.com/Tukwilaoutreach)**

## Mga Bagong Serbisyo at mga Benepisyo sa Basura Simula Nobyembre 1, 2023



### Pinalawak na mga Benepisyo at Serbisyo sa Kostumer

- **Serbisyo sa Kostumer**  
**Telepono: 206.994.3900**  
Lunes hanggang Biyernes 7 AM – 7 PM  
Sabado hanggang Linggo 8 AM – 7 PM  
**Email: [Tukwila@Recology.com](mailto:Tukwila@Recology.com)**  
**[Recology.com/Tukwila](https://Recology.com/Tukwila)**

- Isang taon na libreng serbisyo sa paggawa sa tira-tirang pagkain na pataba na magagamit para sa mga negosyo, apartment, at condominium.
- Mga pang-edukasyon na doorhanger at mga bag na Magresiklo nang Tama para sa mga ari-arian ng maramihang pamilya upang makatulong na mabawasan ang kontaminasyon at mabawasan ang basura.
- Mga pang-edukasyon na karatula at poster na nagpapakita kung ano ang nareresiklo, nagagawang pataba, o basura para sa mga negosyo, apartment, o condo.
- Onsite na pagsasanay sa paggawa ng pataba, pagresiklo, o pagbabawas ng basura para sa mga negosyo.
- Nadagdagang pag-abot sa mga negosyo at paaralan.
- Access sa Tindahan/Sentro ng Koleksyon ng Recology sa Burien sa 15858 First Ave South.
  - Ang mga residente ng apartment at condominium ay maaaring magdala ng mga hindi pangkaraniwang bagay para sa libreng pagresiklo.
  - Bumisita para sa opsyon ng personal na serbisyo sa kostumer.
- Full-time na Espesyalista sa Waste Zero at Espesyalista sa Serbisyo sa Kostumer ng Tukwila upang makipagtulungan sa mga paaralan, grupo ng komunidad, negosyo, at mga yunit para sa maramihang pamilya upang matulungan ang iyong komunidad na bawasan ang basura at makatipid ng pera!



### Mga Bagong Pangkolektang Sasakyan

- Mga de-kuryenteng sasakyan para sa paghahatid ng basurahang kariton.



### Pinalawak na mga Benepisyo sa Masamang Lagay ng Panahon

- Mga lugar na pagdadalhan ng basura sa Tukwila kung tatagal ang masamang lagay ng panahon nang higit sa isang linggo.
- Higit pang pag-abot sa mga kostumer hinggil sa mga pagkaantala ng serbisyo dahil sa masama lagay ng panahon.

## Sino ang Recology?

Ang Recology ay 100% pag-aari ng empleyado na tagahakot at tagaproseso ng basura.

Nagseserbisyo kami sa 11 iba pang komunidad ng Puget Sound kabilang ang Burien, Des Moines, at SeaTac. Ang motto ng kumpanyang Recology ay *Isang Mundo na Walang Basura*. Nakatuon kami sa pagtuturo sa mga komunidad sa kung paano nila mababawasan ang basura sa pamamagitan ng wastong pagresiklo at paggawa ng pataba. Ang Recology ay mayroon ding mga operasyon sa California at Oregon.

## Paano napili ang Recology?

Nagsagawa ang Lungsod ng Tukwila ng isang mapagkumpitensyang proseso ng RFP at nakatanggap ng mga panukala mula sa maraming kumpanya. Nagsagawa ang mga kawani ng malawakan na pagsusuri sa mga panukalang ito kabilang ang pagbisita sa mga lugar ng mga kumpanya, at kinapanayam ang mga pangkat ng pamamahala. Hinuhusgahan kalaunan ang mga panukala batay sa pinaghalong alok na presyo at mga serbisyo. Napili ang Recology sa pamamagitan ng prosesong ito at inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang kontrata.

## Ano ang Mapupunta sa Saan

Para sa kumpletong listahan ng kung ano ang maaaring iresiklo at gawing pataba sa Tukwila, bisitahin ang: [Recology.com/Tukwila](https://www.recology.com/tukwila).



Para sa mga napi-print na gabay sa pag-uuri sa maraming wika: [Recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/](https://www.recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/).

## Bawasan ang basura at magtipid ng pera.



### Libreng Suporta Mula sa Aming Pangkat sa Waste Zero

Makipag-ugnayan sa pangkat ng Waste Zero ng Recology upang matulungan ang iyong negosyo, gusali ng apartment, o condominium sa pagdagdag o pagpaparami ng pagresiklo o paggawa ng pataba, pagbabawas ng kontaminasyon, at paggawa na "tama ang sukat" ng iyong basura.

Mag-email sa amin ngayon sa: [RKCWasteZero@Recology.com](mailto:RKCWasteZero@Recology.com) para mag-iskedyul ng appointment!

### TEKNIKAL NA TULONG

- On-site na pagtatasa ng basura
- Iniyayon na mga rekomendasyon ng serbisyo
- Mga pagsasanay ng mga tauhan at presentasyon

### MGA LALAGYAN AT KARATULA

- Mga panloob na lalagyan na may code na kulay
- Mga marka ng lalagyan
- Mga poster at gabay sa pag-uuri

## Mahalaga na Magresiklo nang Tama at Gumawa ng Pataba nang Tama.

### MABUTI PARA SA PLANETA

- Ang pagresiklo ay nakakabawas ng basura, nakakatipid ng enerhiya, at nakakatipid ng mga mapagkukunan
- Ang paggawa ng pataba ay nakakatulong sa paglaban sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagpapabuti sa lupa at pagbabawas sa mga greenhouse na emisyon ng gas

### MAGTIPID NG PERA

- Ang mas kaunting basura ay maaaring mangahulugan na mas maliit na singil
- Ang serbisyo sa pagresiklo ay kasama nang walang karagdagang bayad bilang bahagi ng iyong singil sa basura
- Maaaring makatanggap ang mga komersyal na kostumer at ari-arian ng maramihang pamilya ng isang taon na libreng serbisyo sa basurang-pagkain at basurang-bakuran. Tutulungan ng aming espesyalista sa Waste Zero ang iyong ari-arian sa pagtakda at pagsasanay para sa mga nangungupahan at kawani. Ang wastong pag-uuri ng pagresiklo at paggawa ng pataba ay maaaring makabawas sa laki ng basurahan na kailangan mo at maaaring mapababa ang iyong singil!

**Makipag-ugnayan sa amin upang mapaliit ang iyong basurahan. 206.944.3900 | [Tukwila@Recology.com](mailto:Tukwila@Recology.com)**  
[Recology.com/Tukwila](https://www.Recology.com/Tukwila)

## Ano Ang Kailangan Kong Gawin?

### 1 Makipag-ugnayan kaagad sa Recology para makapaghanda para sa bagong serbisyo sa Nobyembre 1, 2023

Makipag-ugnayan sa amin upang maberipika ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at maitakda ang iyong mga kagustuhan sa pagbabayad.

Telepono ng Recology **206.994.3900**  
email [Tukwila@Recology.com](mailto:Tukwila@Recology.com)  
online [Recology.com/Tukwila](https://www.Recology.com/Tukwila)

### 2 Ibalik ang code at lock form bago ang Oktubre 1, 2023.

Kung mayroon kang gate code, mga nakakandadong basurahan, nakakandadong enclosure, o iba pang partikular na kinakailangan sa pagkolekta, pakipunan ang nakasamang form at ipadala ito pabalik sa Recology gaya ng itinagubilin.

Kung hindi ma-access ng Recology ang iyong mga basurahan o mabuksan ang iyong mga lalagyan, hindi nila maseserbisuhan ang iyong mga basurahan sa linggo ng Nobyembre 1.

### 3 Ipaalam sa Recology ang iyong mga partikular na pangangailangan

Kung mayroon kang iba pang partikular na kailangan sa serbisyo o tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa amin bago ang Nobyembre 1 upang matiyak na naiintindihan ang mga ito ng aming pangkat sa mga operasyon.

### 4 Alamin ang tungkol sa aming mga serbisyo at kung saan pupunta ang alin

Suriin ang dokumentong ito upang malaman ang tungkol sa maraming benepisyo ng kontrata ng Recology. Ang pinahabang oras ng serbisyo sa kostumer, isang taon na walang bayad na paggawa ng pataba, teknikal na tulong, at pagsasanay ng mga kawani ng Recology, at tulong sa kontaminasyon at paglilipat ng basura ay bahagi lahat ng mga bagong benepisyo ng Kontrata ng Recology na ito.

Makatanggap ka ng impormasyon sa pamamagitan ng koreo na may karagdagang impormasyon mula sa Recology tungkol sa mga pagbabago sa serbisyo.

Maaari mo ring bisitahin ang [Recology.com/Tukwila](https://www.Recology.com/Tukwila) para sa pinakabagong impormasyon.



 Magresiklo	 Basurang-Pagkain at Basurang-Bakuran	 Basura
 Mga plastik na bote, tub, jug at banga	 Mga tirang pagkain	 Isahang-gamit na plastik
 Babasagin	 Mga tirang pagkain	 Pambalot at polystyrene na kutson
 Bakal	 Papel na nadumihan ng pagkain	 Mga lampin at dumi ng alagang-hayop (nakasupot)
 Malinis na papel at karton	 Basurag-bakuran	 Mga seramik at babasagin

